1

Nagising si Nathan na napakasakit ng ulo. He was still in bed, his head was pounding as if there was a gong beating madly between his ears. It was the morning after his friend's wedding. Michael and Agatha's wedding, to be exact.

"Lucky bastard…" aniya sa sarili habang hinihilot ang masakit na ulo. He kind of liked Agatha, definitely not in love, since he was not sure if he believed in love, anyway, but he was sure she was a good catch. But of course, being the nice friend that he was, hindi na niya ito tinalo dahil kitang-kita naman niyang seryoso rito ang kaibigan niyang si Michael Ochoa. Kahit kailan, hinding-hindi siya gagawa ng kahit na anong bagay na ikasisira ng relasyon niya sa mga kaibigan.

Nang umikot si Nathan sa kama at masilayan ang pamilyar na maputing babaeng nakahiga sa tabi niya, natagpuan niyang nagtayuan ang lahat ng balahibo niya sa katawan. Nanlaki ang kanyang mga mata, ang lahat ng alcohol sa sistema niya ay tila nag-evaporate bigla. Mabilis siyang napaupo nang tuwid sa kama at sinipat ang sarili.

Napalunok siya. Yup, positive, he was naked as a newborn baby. Sinipat niya ulit ang babae na padapang nakahiga sa kanyang tabi. She looked really pretty as she slept like that, her short wavy hair framing her delicate face, her expression

tranquil and sweet. Ipinilig niya ang ulo, hindi ito ang oras para i-appreciate ang hitsura ng katabi; mabilis niyang ibinaling ang tingin sa katawan nito. Base sa balat na nakikita niyang di natatakpan ng kumot, he was ninety percent sure na wala rin itong saplot.

Napamura siya at nasapo ang noo habang nakatitig sa natutulog na anyo ni Leila Krisantos, ang nag-iisang kapatid ni Agatha at ngayon ay sister-in-law na ng kaibigan niyang si Michael.

"Calm down, Nate, calm down," sabi niya sa sarili habang sapo pa rin ng kamay ang noo.

Sa kanilang magkakaibigan, he was sure he was one of the most even-tempered guys. Michael had the worst temper, sunod siguro si Kevin, at sa palagay niya ay tie sila ni Ashton sa top place ng level-headedness department. Humigit siya ng hangin at mariing ipinikit ang mga mata.

"Now, what the hell happened…?" anas ni Nathan habang pilit inaalala ang mga nangyari nang nakaraang gabi.

It was Michael and Agatha's wedding. Nagtagal ang party hanggang madaling-araw. He remembered drinking like a fish like the rest of his friends. Ipinagbubunyi nilang lahat ang pagpapakasal ng woman-hater nilang kaibigan. Ipinagluksa rin nila ang pagkawala sa market ng isang napakagandang candidate para maging asawa nang magpakasal si Agatha. They

were all very fond of her. Who wouldn't? Maaaring hindi ito ang pinakamagandang babae sa balat ng lupa, but Agatha had balls greater than most men they knew. And according to Michael, she was one of the most competent secretaries he ever had.

They were all playboys, with the exception of Ashton. Pero nitong nakaraang mga buwan, tila nagla-lie low na sila. Kagaya na lang niya. He was only turning twenty-eight this coming month, pero sa kung anong dahilan, Nathan kind of felt a little tired and bored playing around with women. He wasn't seriously looking for marriage, but he was slowly entertaining the thought.

Kaya nang gabing iyon, lalo siyang napag-isip habang nasa reception ng kasal ng kaibigan. They drank and drank as they talked about it. Somewhere along the night, napasama sa kanila ang kapatid ni Agatha. Leila looked a lot like her sister—maputi, makinis, matangkad, pero hanggang sa pisikal na anyo lang ang pagkakapareha ng dalawa. The younger Krisantos lady was more on the sweet and bubbly type, someone who was easy to laugh and talk with.

Nang wasted na at halos hindi na matukoy ang kaliwa at kanan, naalala niyang nagpaalam na siya sa mga kaibigan para umakyat sa kanyang suite sa fifteenth floor ng hotel. Sa *Olympus Hotel* na pagmamay-ari ni Michael ginanap ang reception at lahat sila ay nagpa-reserve ng kuwarto nang gabing iyon para roon na rin matulog. Sumabay na sa kanya ang lasing na rin na si Leila na paakyat na rin sa kuwarto nito.

Muling napamura si Nathan nang maalala ang sumunod na mga nangyari. Naihilamos niya ng kamay ang mukha. Hindi maliwanag sa isip niya, hindi niya maalala kung paano at sino ang nagsimula, but he remembered that when they got into the elevator, they started kissing each other. He remembered going inside his suite with Leila, his mouth still on hers as their hands fumbled at each other's clothes. He remembered bumping at walls and furnitures before finally making it to bed. He remembered wanting her. He remembered taking her. He remembered her cries when he entered her. It was her first time.

"Holy freaking shit!" Mariin niyang nahawakan ang noo.

Michael's seriously going to kill him.

"Leila… Leila…" Narinig ni Leila ang boses ng kung sino mula sa kung saan. Mabibigat ang talukap, iminulat niya ang mga mata. She found herself staring at the handsome face of a familiar man. Napakunot-noo siya at muli niyang ipinikit ang mga mata. Tingin niya ay nanaginip pa rin siya, dahil walang paraan para magising siya katabi ni Nathan Pastranas, isa sa mga playboys na kaibigan ng kanyang bagong-bagong brother-in-law.

"Leila, come on, wake up. We need to talk now," pilit sa kanya ng boses. Napabuntong-hininga siya, that voice sounded really nice. Ang ganda naman ng panaginip niya. Pagkatapos, isang panaginip pa ang kanyang naalala. It was a passionate night

of two people making love.

Napamulat siya nang wala sa oras, lumipad ang tingin niya sa binata. He was looking really upset and worried na para bang school boy na nakabasag ng bintana ng principal sa paglalaro nito ng baseball. Nanlaki ang mga mata niya. *Oh, dear heavens!*

Mabilis niyang sinipat ang sarili; napasinghap siya sa kabiglaan nang makitang tanging kumot lang ang nakatabing sa kanyang katawan. Doon niya naramdaman ang pananakit ng katawan kasabay ng pagragsa ng mga alaala ng nakaraang gabi. Hindi malinaw ang mga detalye, pero nakuha niya ang gist.

"Don't scream!" pigil sa kanya ni Nathan, napahawak ito sa magkabila niyang balikat.

"Ano… paano…? Shit! Ako ba ang gumapang sa 'yo?" she asked in utter horror. Naalala niyang nagkaroon kaagad siya ng crush dito nang makita niya ito nang nagdaang gabi. Mestizo ito, halatang may foreign blood sa sistema. Very strong at very prominent din ang features nito pero kumpara sa features ng kanyang bayaw, mas maamo ang mukha ni Nathan. There seemed to be a soft gentleness in his eyes that offset the angles of his face.

"What? No!" iling nito, natataranta rin. "I think it's a mutual thing, we're both drunk. It's probably my fault. I'm older and more experienced, dapat napigilan ko—"

"Really?" Nakahinga siya nang maluwag nang malamang hindi naman pala niya ito ginapang. Pero panandalian lang ang

kanyang reprieve, dahil may narinig silang pamilyar na hysterical na boses sa labas ng suite, sigurado siyang kasabay na huminto ang pagtibok ng puso nila ni Nathan.

Bago pa sila makapagtago, marahas na bumukas ang pinto ng suite at iniluwa ang namumulang kapatid niya, sa likuran nito ay ang asawa nitong si Michael. It wasn't much, pero kahit papaano, nagpasalamat pa rin si Leila at hindi kasama ang nanay nila.

Gusto ni Nathan na magpalamon sa lupa. He could not believe he messed up this big.

"Leila!" sigaw ni Agatha. Pareho silang napaurong sa kama ni Leila.

"Calm down!" awat dito ni Michael.

"Calm down?" singhal nito. "How can I calm down! Your friend and my sister just… just—"

"Agatha!"

"Ate!" Pati si Nathan ay nanigas nang tila manghina si Agatha at mapahawak kay Michael. Nalaman lang nila nang nagdaang araw na six weeks pregnant ang asawa ng kaibigan nila. Mabilis itong pinangko ni Michael at dinala sa isang couch.

"Do you wanna throw up?" tanong nito.

"Yes! Sa kaibigan mo!" galit na sagot ng babae.

Ouch, he winced. Hormonal pregnant women were really vicious.

"Shit! Kapag nalaman 'to ni Mama, magwawala siya," nag-aalalang saad nito. "She'd kill me for this!"

"It's not your fault," anang kabiyak nito.

"It is! Dapat hindi ko iniwan ang kapatid ko sa mga leon mong kaibigan!"

"I'll take the blame, kakausapin ko ang mama mo—"

"Anong take the blame? P'wede mo bang pakasalan ang kapatid ko in place ng kaibigan mo? Iyon lang ang makakapagpalubag sa loob ni Mama! Alam mo naiintindihan ko ang bagay na ito, pero si Mama—"

"Hindi niya kailangang malaman—"

"Huh! Malamang ngayon alam na niya! Wala si Leila sa suite niya at si Nathan ang nakitang huling kasama niya! Isa sa pinakamatalas na pang-amoy ang mama ko!" giit nito.

"Shit!" Nahilamos ni Michael ang mukha. Silang dalawa ni Leila, nanatiling nakaupo sa kama, walang magawa kundi makinig lang sa mag-asawa.

"Ate—"

"Tumigil ka, Leila!" Pinandilatan ito ni Agatha.

Kaagad na tumiklop ang katabi niya. Hindi niya ito masisi, kahit sino ay titiklop kay Agatha. Nanatiling mukhang depressed ang dalawang bagong kasal, matamang pinag-iisipan kung paano lulusutan ang gulong kinasangkutan nila ng dalaga. Malayong-malayo ang hitsura ng dalawa sa araw ng kasal ng mga ito, when they were both glowing with happiness and love.

Nathan had never seen Michael that happy before. Mula nang maghiwalay ang mga magulang nito noong mga bata pa sila, his friend became cold and cruel. Pero dahil kay Agatha, unti-unti nilang nakitang nagbabago ang binata. Michael had finally found his happiness, at talagang masaya siya para sa kaibigan. Naramdaman niya ang matinding guilt sa sikmura.

"Michael," tawag niya rito.

Humigit ng hangin ang kaibigan habang hinihilot ang sentido, hindi niya maiwasang isipin na ngayon din lang talaga niya nakitang nag-aalala ito nang ganito.

"What, Nathan?" exasperated nitong tanong.

Humigit din siya ng hangin. He knew then and there, that he just had to straighten things out himself. Hindi niya puwedeng guluhin ang kaligayahan ng kaibigan niya nang ganito.

And it was really his fault, anyway.

"It's my fault. You two don't have to worry about this, I'll

take responsibility."

Lumipad sa kanya ang mga mata ng tatlo.

"What?" di-makapaniwalang tanong ng kaibigan. Humigit ulit siya ng hangin.

"I didn't force Leila, we're both drunk. We're probably both attracted to each other, pero mas matanda ako at mas sanay sa ganito, ako dapat ang nakapagpigil. I'll take responsibility, I'll marry her."

It took a full one-second bago nakapag-react si Leila.

"E-excuse me? Anong marriage?" aniya sa malakas na tinig. Marriage? Siya? Sa isang Roman god? Well, it sounded nice, pero come on! Beinte-uno pa lang siya! Graduating pa lang siya this semester, at ni hindi nga niya alam ang favorite color ng lalaking ito. How could she possibly get married to him?

Apologetic siyang nginitian ni Nathan. Naramdaman niya ang pagbilis ng heartbeat. *Be still my heart*, pagpapakalma niya sa sarili.

"Can you trust me on this?" anito, hinihipnotismo siya ng apologetic nitong mata at boses. Dazed, napatango na lang si Leila. Binalingan ni Nathan ang kapatid at bayaw niya.

"P'wede bang hintayin n'yo muna kami sa labas?" anito.

"Michael, Agatha, Leila and I will sort this out. Hindi n'yo kailangang madamay."

Adamant na umiling ang ate niya. "Hindi madamay? Okay ka lang? No! Tayong apat ang aayos ni—"

"Agatha…" Hinawakan ito ni Michael sa braso.

"What?" asik nito.

"Calm down, it's not good for the baby," anito. "Kilala ko si Nathan. Maniwala ka o hindi, he's as nice as Ashton, sometimes even nicer. Isa pa, malaki na ang kapatid mo; I'm sure she knows what she's doing."

Wish lang ni Leila na alam nga talaga niya.

"Pero—"

"Come on. Sila rin lang talaga ang makakaayos nito, hayaan muna natin silang mag-isip ng solusyon nila. We'll talk to them later." At inalalayan na ito ni Michael na tumayo. Kahit tila gusto pa ring magprotesa ng ate niya, maingat pa rin itong iginiya ng kanyang bayaw palabas ng suite.

"Michael," tawag ni Nathan. Nilingon ito ng kaibigan. "I'll sort this out."

Tumango lang ang asawa ng kapatid niya. Pinandilatan naman siya ng ate niya, pagkatapos ay matalim na pinukulan ng tingin si Nathan.

"This is not yet over, mag-uusap tayo," asik nito. Nakita niyang napalunok ang katabi. Nang makalabas na ang dalawa, sabay na bumagsak ang mga balikat nila sa tindi ng relief.

"Whew!" buntong-hininga niya. Binalingan kaagad ni Leila ang binata. "Sorry, hindi mo lang naman kasalanan 'to, kasalanan ko rin, eh. Hindi ko talaga alam kung ano'ng pumasok sa utak ko—"

"Okay lang, Leila." Hinawakan nito ang dalawang balikat niya para kalmahin siya. "We both wanted this, pareho tayong tila nagkaroon ng temporary insanity kagabi. Nangyari na, hindi na dapat natin pagsisihan, hindi rin dapat tayo magturuan kung sino ang may kasalanan. Ang kailangan nating gawin ngayon ay ang maghanap ng solusyon."

"Oo, tama ka. 'Wag kang mag-alala, kakausapin ko si Ate at saka si Mama, ipapaliwanag ko—"

"Leila," pigil ulit ni Nathan.

She looked at his handsome face expectantly. "Bakit?" aniya.

Humigit ito ng hangin. "Kaibigan ko ang bayaw mo. He's like a family to me."

Tumango siya. "Yes, alam ko."

"Paano mo ipapaliwanag sa mama mo ang nangyari sa 'tin? Sa tingin mo ba matatanggap niya talaga?"

"Well, siguro hindi pero—"

"Sa tingin mo ba magagalit siya sa 'yo?"

"Oo naman, pero we're family, mapapatawad niya rin ako—"

"How about me? Tingin mo ba mapapatawad niya 'ko?"

No, definitely not. Sigurado siya roon. "Well…" aniya.

He smiled understandingly. "Hindi, di ba?" Muli ay humigit ito ng hangin. "Kahit sinong nanay siguro hindi, lalo na at mukhang old-fashioned ang mama mo, 'tapos bunso ka pa," anito.

Napatango si Leila, hindi lang mukhang old–fashioned si Aling Yolanda, kundi old-fashioned talaga. Kaya nga siguro kahit sobrang liberal mag-isip ng ate niya, lumaki pa rin silang hindi nagkakaroon ng boyfriend. Parang general ng army kasi ang kanilang ina, walang tanong-tanong, sunod lang nang sunod.

"How about Michael? Tingin mo ba medyo magagalit ang mama ko sa kaibigan ko? I am his friend, after all."

Muli, hindi siya makasagot. Si Nathan ang sumagot para sa kanya.

"Dahil associated ako sa bayaw mo, sa tingin ko hindi maiiwasang magkaroon ng gap sa mama mo at si Michael. Naiintindihan mo ba 'ko?"

Helpless, tumango si Leila. Parang nakikita na niya ang patutunguhan ng usapan nila, at hindi niya maiwasang aminin

na tama ito.

"Your sister loves your mother very much, tama ba?"

"Of course, ako din naman," nanghihina niyang sagot.

Ngumiti ito. "I know. You see, Leila, kapag nagkar'on ng gap ang mama mo at ang bayaw mo, malamang magkaproblema rin ang kapatid mo at si Michael. Kakakasal lang nila, alam mo naman kung gaano kalakas ang personality ng kapatid mo, ganoon din si Michael. Para silang parehong apoy, a problem of this proportion can get really messy." Napabuga ng hangin si Nathan. "Nakita mo ba kung gaano sila kasaya kahapon?"

Tumango ulit ang dalaga. Her sister really looked beautiful yesterday. Kitang-kita niyang masaya ito.

"I've never seen my friend that happy."

"Ako rin, ngayon ko lang nakita si Ate na ganoon kasaya."

"We don't wanna ruin that," anito.

Kinagat niya ang labi. Indeed, kasalanan ang sirain iyon.

"Oo, tama ka."

"Kasalanan natin 'to."

Naiiyak na siya. My gulay, tama ito! "Oo, tama ka…"

"Hey, don't cry," alo ni Nathan at marahan siyang niyakap.

"Shit! Ano'ng gagawin natin?"

"Well, this is probably not the brightest idea… but I think we have to get married."

"What?" Naitulak niya ang binata. "Seryoso ka ba talaga? Alam kong mali ang nagawa natin, pero sa tingin ko ay mas malaking pagkakamali ang magpakasal!"

"Yes, I know it sounded absurd. Pero p'wede naman tayong magpakasal sa papel lang, para lang i-console ang mama mo at maiwasan ang gap sa kanila ni Michael. After two or three years, we'll get an annulment. We can say that it didn't work out."

"Pero di ba parang pareho lang din iyon? Magagalit din si Mama kapag nagpa-annul tayo—"

"Yes, pero sa panahon na iyon ay mas close na sila ng bayaw mo, talagang parte na siya ng pamilya ninyo lalo na at may anak na sila ng kapatid mo by that time. She'd be able to forgive him easily then. Whereas ngayon, bago pa lang silang kasal ng ate mo at hindi pa sila ganoon ka-close, p'wedeng magkaroon ng wall at mahihirapan silang magkalapit.

"Sa ngayon, Leila, sa mata ng mama mo, mas malapit si Michael sa amin kaysa sa inyo and that he's still one of us. But two years or three years from now, she would be able to see my friend more as a part of your family than as a part of us. Sa panahong iyon, ang pagkakamali ko ay hindi na makikita bilang pagkakamali niya."

Wala siyang magawa kundi tulalang tumitig sa guwapong mukha ni Nathan. Wala siyang masabi sa flow ng logic nito, ang bilis mag-isip. Humigit ulit ito ng hangin.

"I know Michael, marami rin siyang naging problema. Masaya talaga kami na nakita na niya ang kaligayahan niya, ayokong maging dahilan para masira o magulo man lang iyon."

"Yes, pero paano naman ang happiness natin?"

Tila natigilan doon ang binata. Pero nagkibit-balikat lang ito.

"I told you hindi naman ito permanente, it's just for two years. Wala namang magbabago, kailangan lang nating tumira sa iisang bahay, but we don't have to act as a real husband and wife; we could be like friends, housemates. Kung gusto mo, hindi kailangang malaman ng mga kaibigan mo na ikinasal tayo. Pero siyempre kailangan nating maging maingat para di tayo mabuking; we can't have relationship outside the marriage. Two years lang naman, sa tingin ko kakayanin natin iyon."

Napaawang ang mga labi ni Leila. Sa pagkakaalam niya, bonafide playboy rin si Nathan kagaya ng bayaw niya. Pero ano ito? No relationship outside the fake marriage for two years? Seryoso ba ito? And yet habang nakatitig siya sa guwapong mukha ng binata, alam niyang hindi ito nagbibiro.

She felt a strong surge of admiration for the handsome man in front of her. Kung kaya nitong magsakripisyo nang ganoon para sa kaibigan nito, bakit hindi siya para sa ate niya?

Two years lang naman…

Humigit siya ng hangin at tumitig sa kausap. Naramdaman niya muli ang pag-flutter ng sikmura at pagbilis ng heartbeat. Ang guwapo talaga ni Nathan at ang ganda ng abs!

Gusto niyang kutusan ang sarili. Mabilis siyang sumeryoso.

"Okay, I agree," aniya, trying her best to look mature and dignified, pero hindi madali, lalo na at magulo ang buhok niya at tanging puting kumot lang ang nakatakip sa kanyang hubad na katawan.

"Let's shake hands on it." At inilahad nga niya ang kamay para isara ang kanilang deal. Nathan flashed that bone-melting smile of his.

She wished he didn't. Because it made her want to wish na hindi lang good for two years ang marriage nila.

"Okay." At nagkamay nga sila.